



# News Release

Kagawaran ng Paggawa ng U.S. | Nobyembre 15, 2023

## **Inanunsyo ng Kagawaran ng Paggawa ng US ang update sa plano sa access sa wika, paggawa ng bagong tanggapan upang mapabuti ang access ng mga manggagawang hindi nagsasalita ng Ingles**

*Bahagi ng pagsisikap ng buong Administrasyon na mapabuti ang access sa wika at pagkakapantay-pantay*

**WASHINGTON** – Inanunsyo ngayon ng Kagawaran ng Paggawa ng US ang pagpapalabas ng na-update nitong [Plano sa Access sa Wika](#), kabilang ang pagtatatag ng bagong tanggapan sa Sentro ng Karapatang Sibil ng kagawaran.

Magbibigay ang [Sentralisadong Opisina ng Tulong sa Wika](#) ng mga mapagkukunan at patnubay sa 26 na sub-agency ng kagawaran upang mapabuti ang access ng mga manggagawang hindi nagsasalita ng Ingles at mga indibidwal na may limitadong Kahusayan sa Ingles. Tutulong din ang tanggapan sa pagkuha ng mga serbisyo sa pagsasalin at interpretasyon na magagamit sa buong kagawaran.

Kasama sa na-update na plano ang isang komprehensibong pagsusuri ng mga kasanayan sa tulong sa wika at ang demograpiko ng mga komunidad na pinaglilingkuran ng kagawaran. Umaakma ang pagsusuri sa patuloy na pakikipag-ugnayan ng kagawaran sa mga manggagawang hindi nagsasalita ng Ingles at mga organisasyon ng adbokasiya upang itaas ang kamalayan at paggamit ng mga serbisyo nito.

“Ipinapakita ng bagong tanggapanang ito at ng na-update na plano sa access sa wika ang pangako ng kagawaran sa pagkakapantay-pantay, access, at makabuluhang partisipasyon ng mga manggagawang may limitadong kasanayan sa Ingles sa aming mga programa at serbisyo,” ayon sa Katulong na Kalihim ng Paggawa para sa Pangangasiwa at Pamamahala na si Carolyn Angus-Hornbuckle. “Ang na-update na plano ay nagsisilbing tagapagtaguyod ng batas sa mga karapatang sibil at ng mga epektibong kasanayan sa pamamahala at produktibong pakikipag-ugnayan sa lahat ng manggagawa, anuman ang kahusayan sa wika.”

Ang anunsyo ngayon ay kasabay ng isang taong anibersaryo ng isang [memorandum](#) mula sa US Attorney General Merrick Garland na humimok sa mga pederal na ahensya na pahasayin ang accessibility sa komunikasyon. Sa direktiba, nanawagan ang Attorney General sa mga pederal na ahensya na baguhin ang kanilang mga plano sa access sa wika bilang tugon sa Executive Order 13166, "Pagpapahusay ng Access sa mga Serbisyo para sa mga Taong may Limitadong Kahusayan sa Ingles."

Maa-access ang mga materyales sa balita ng Kagawaran ng Paggawa ng US sa <http://www.dol.gov>. Kino-convert ng [Reasonable Accommodation Resource Center](#) ng kagawaran ang impormasyon at mga dokumento ng kagawaran sa mga alternatibong format, na kinabibilangan ng Braille at malalaking print. Para sa mga kahilingan sa alternatibong format, makipag-ugnayan sa kagawaran sa (202) 693-7828 (boses) o (800) 877-8339 (federal relay).

Inanunsyo din ng Kagawaran ng Katarungan ang paglulunsad ng bagong interagency federal working group, ang Federal Language Access Working Group, na magbibigay-daan sa mga pederal na ahensya na makipagpalitan ng pinakamahuhusay na kagawian at magbahagi ng mga mapagkukunan ng access sa wika para sa mga pederal na ahensya at tatanggap ng pederal na tulong pinansyal.

Ang na-update na Plano sa Access sa Wika ng Kagawaran ng Paggawa, kasama ang higit pang impormasyon tungkol sa Sentro ng mga Karapatang Sibil, at ang mga inisyatiba nito upang suportahan ang mga indibidwal na hindi nagsasalita ng Ingles ay matatagpuan sa [website ng CRC](#) at sa [LEP.gov](#).

###

**Contact sa Media:**

Ryan Honick, 202-693-4247, [honick.ryan.l@dol.gov](mailto:honick.ryan.l@dol.gov)

Numero ng Paglabas: 23-2418-NAT

Maa-access ang mga materyales sa balita ng Kagawaran ng Paggawa ng US sa <http://www.dol.gov>. Kino-convert ng [Reasonable Accommodation Resource Center](#) ng kagawaran ang impormasyon at mga dokumento ng kagawaran sa mga alternatibong format, na kinabibilangan ng Braille at malalaking print. Para sa mga kahilingan sa alternatibong format, makipag-ugnayan sa kagawaran sa (202) 693-7828 (boses) o (800) 877-8339 (federal relay).